



## ANO ANG KAHULUGAN NG *Negatibong Resulta ng Pagsusuri ng Balat Para Malaman Kung May TB?*

Kadalasan, ang negatibong resulta ng pagsusuri ng balat para malaman kung may TB ay nangangahulugang wala kang impeksyon ng TB o sakit na TB.

Kung may mga sintomas ka ng TB, kailangan mo ng rayos-ekis (x-ray) sa dibdib at iba pang mga pagsusuri kahit negatibo ang resulta ng pagsusuri ng iyong balat para malaman kung may TB. Ang mga sintomas ng TB ay:

- madalas na pag-ubo
- pag-ubo ng dugo
- pagpapawis sa gabi
- pagkahapo
- pagkawala ng ganang kumain, at
- paggaan ng timbang

Kapag ang isang tao ay nagkaroon ng impeksyon ng TB o ng sakit na TB, umaabot ng 2-10 linggo bago ito makita sa isang pagsusuri ng balat para malaman kung may TB. Ito ang dahilan kung bakit kailangan ng mga tao na ulitin kung minsan ang pagsusuri.

May mga tao na nagtataglay ng HIV, mga impeksiyon, at umiinom ng gamot na maaaring negatibo ang resulta ng pagsusuri ng balat kahit na sila ay may TB.

*Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."*